AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**

**Aralin 55**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 55** |
|---|
| Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Tatlong Hiling" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**TATLONG HILING**

**WRITING PROMPT LESSON 55**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, ating babalikan ang isa na namang kwentong pambatang malamang ay nabasa o narinig mo na. Alam mo ba kung ano ang isang Genie? Kung ito'y pamilyar sa iyo, tungkol dito ang ating gawain ngayong araw!

**II.Writing Prompt of the Day**

Isang araw habang naglalakad pauwi ay may nakita kang matandang nahirapang tumawid. Dali-dali kang tumakbo papunta sa kanya upang tulungan siyang tumawid, nang makarating sa kabila, siya'y naglabas ng isang bagay sa kanyang bitbit na bag. Sinabi niya, lahat ng kahilingan mo ay matutupad kung gagamitin mo ito.

Binigay niya ang isang lampara na kulay kupas na ginto. Nagpasalamat ka sa matanda at naglakad na ulit pauwi. Habag pauwi'y pinagmamasdan mo ang lampara. Kamukha nito ang lampara sa palabas na Aladdin. Dahil dito, nagpasya

kang kiskisin ito ngunit walang nangyari. Ika'y napa-buntong hininga at naglakad na lang pauwi.

Pagdating mo sa  kwarto, napansin mong naging makintab na ang lampara, parang ginto na talaga! Ito'y iyong muling kiniskis at isang genie ang lumabas!

Ikaw daw ay may tatlong kahilingan, ngunit siya ay may rules: una, hindi ka pwedeng gumawa ng masamang kahilingan, pangalawa,  hindi mo pwedeng paibigin ang ibang tao, at pangatlo, hindi pwedeng buhayin ang taong pumanaw na.

•Ano ang iyong magiging tatlong kahilingan?
•Bakit ito ang iyong mga hihilingin?
•Anong sasabihin mo sa genie matapos nitong ibigay ang iyong mga kahilingan?

**III.Teacher's Message**

Ito na ang iyong pagkakataong hilingin ang tatlong bagay na gusto mo! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong mga hiling pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."